
# PROJECT EASE

**( Effective and Affordable Secondary Education )**

# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA I



**MODYUL BILANG 7**

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
DEPARTMENT OF EDUCATION
DepED Complex, Meralco Avenue
Pasig City

# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA I
# Yunit II
# Modyul Blg. 7

# Hanapin…Katotohanan! Gawin…Kabutihan!

## I. Ano ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Mapalad ka talaga sa lahat ng nilalang. Mula sa nakaraang modyul ay natutuhan mong ikaw ay bukod-tanging nilalang na nagmula sa Diyos. Ikaw ay espesyal at natatangi kaysa sa ibang nilikha tulad ng hayop at halaman. Ipinagkaloob sa iyo ang katawan at kaluluwa na magagamit mo upang mabuhay nang naaayon sa iyong kalikasan.

Kaya lang… alam mo na ba kung saan ka pupunta? Alam mo na ba ang gusto mong gawin sa iyong buhay? Naisip mo na ba ang pinakamabuti para sa iyong kinabukasan?

Narito ang modyul na may gawaing kawiwilihan mong gawin at tapusin. Masusuri mo ang iyong kapasidad sa pagpapasya batay sa iyong iniisip at ginagawa. Matutukoy mo rin ang iyong kakayahang pang-ispiritwal.

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang matutuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

A. Nagagamit ang kaisipan at kalooban sa pagpapasya
B. Natutukoy ang pagkakaiba ng intellect at will
C. Napahahalagahan ang paggamit ng intellect at will sa makabuluhang pagpapasya at pagkilos

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga I kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.

3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno sa Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka na Ba?

Basahing mabuti ang bawat pahayag. Pagkatapos, piliin mula sa pamimilian ang tamang sagot.

1. Kapag nagpapasya ang tao, dapat niyang gamitin ang kanyang
   a. bibig
   b. isip
   c. kalooban
   d. kalayaan

2. Ang determinasyon sa pagkilos ng tama at mabuti ay mula sa
   a. bibig
   b. isip
   c. kalooban
   d. kalayaan

3. Nagagawa ng tao na bumuo ng mga konsepto dahil siya ay may kakayahang
   a. magtanong
   b. mag-nilay nilay
   c. magbasa
   d. makaunawa

4. Mahalaga ang pag-iisip at pagbuo ng pasya. Subalit mas higit na magiging epektibo ang pasya kung ang tao ay mayroong________ na isagawa ito.
   a. kayamanan
   b. determinasyon
   c. talino
   d. kalayaan

5. Huwag maging padalus-dalos sa pagpapasya, ang ibig sabihin ay
    a. mag-isip muna bago magpasya
    b. kumilos muna bago magpasya
    c. huwag muna gumawa ng pasya
    d. humingi ng tulong sa iba

6. Isang kasabihan na ang ___________ ang magpapalaya sa tao.
    a. kabutihan
    b. katotohanan
    c. kasipagan
    katalinuhan

7. Ang pangunahing elemento sa pagpapasya ay
    a. kasipagan
    b. kayamanan
    c. kalayaan
    d. karunungan

8. Dahil sa isip, magagawa ng tao na tuklasin ang katotoahanan at magkaroon ng
    a. kayamanan
    b. karunungan
    c. kasipagan
    d. kaligayahan


9. Malaya ang tao na gumawa ng desisyon subalit kailangan din niyang
    a. umasa sa Diyos
    b. maging handa sa bunga ng pasyang ginawa
    c. magkamali muna
    d. magtanong sa iba

10. Tinawag na “blind faculty” ito dahil naaakit sa mabuti at umaasa sa impormasyon ng kaisipan
    a. intellect
    b. will
    c. conscience
    d. senses

# III. Tuklasin Mo

## Gawain Blg. 1

Mula sa inyong bahay, saan mo gustong pumunta? Sundan ang linya. Kung hindi mo nais ang lugar na tinahak ng linya ay maaari kang bumalik. Pumili muli ng linya na maaaring sundan. Kung iyon na ang lugar na nais mong puntahan, sagutin ang mga tanong sa ibaba.



## Sagutin Mo

1. Mula sa inyong bahay, aling lugar ang pinili mong puntahan?
2. Bakit dito mo nais pumunta?
3. Nasiyahan ka ba sa iyong pasya? Bakit?

## Gawain Blg. 2

Isulat sa angkop na lobo ang hinihingi ng bawat sitwasyon.

(thought balloon) -- ang iyong iniisip na reaksiyon

(speech balloon) -- ang iyong sasabihin o gagawing reaksiyon

Isulat sa ibaba ang dahilan kung bakit ito ang iyong iniisip at bakit ito ang iyong sinasabi.

| | |
|---|---|
| 1. Nakita mo ang karatulang “No Jaywalking”. Malayo pa ang *overpass* o tulay. Walang pulis sa daan kaya sinabi ng iyong kasama na iyo ring kaibigan na…<br>Mas madali dito ang tumawid at wala namang pulis. Tawid na tayo!<br>Bakit ganito ang nasa isip mo?<br>Bakit ganito ang sinabi mo? | 2. Dumaan ang “crush” o hinahangaan mo sa harap ninyong magkakabarkada. Tinukso ka nila at…<br>Naku! Ayan ang “crush” mo! Sige na at lapitan mo siya at kausapin.<br>Bakit ganito ang nasa isip mo?<br>Bakit ganito ang sinabi mo? |
| 3. Nabasag mo na naman ang plato na hinuhugasan mo kaya nagalit ang iyong ina at sinabing…<br>Ano ka bang bata ka! Nakabasag ka na naman ng plato! Hindi ka marunong mag-<br>Bakit ganito ang nasa isip mo?<br>Bakit ganito ang sinabi mo? | 4. May usapan kayo ng iyong kaibigan na magkita ng 8:00 ng umaga. Subalit dumating siya ng 11:00 na…<br>Kanina ka pa ba? Pasensiya ka na kasi marami akong ginawa. Napakabagal pa ng bus na sinakyan ko.<br>Bakit ganito ang nasa isip mo?<br>Bakit ganito ang sinabi mo? |

| | |
|---|---|
| 5. Nasa klase ka at tinawag ka ng guro mo upang sagutin ang kanyang tanong. Kaya lang narinig mo ang sinabi ng iyong kaklase…<br><br>Ha, ha, ha! Mali ang kanyang sagot! Ano ba yan!<br><br>Bakit ganito ang nasa isip mo?<br>Bakit ganito ang sinabi mo? | 6. Nagpasa ka ng "project" sa guro mo. Nakita ito ng kaklase mo at sinabi niyang….<br><br>Ikaw ba ang gumawa nito? Ang pangit naman ng project mo!<br><br>Bakit ganito ang nasa isip mo?<br>Bakit ganito ang sinabi mo? |

## Sagutin Mo

1. Nasiyahan ka ba habang sinusulat mo ang iyong maaaring isipin at sabihin o gawin sa bawat sitwasyon? Bakit?
2. Nangyari na ba sa iyo ang mga ganitong sitwasyon? Ano ang napansin mo sa iyong reaksiyon?
3. May pagkakaiba ba ang iyong karaniwang iniisip sa iyong ginagawa? Ipaliwanag.
4. Bakit kaya nagkakaiba kung minsan ang iyong iniisip at ginagawa?

## Gawain Blg. 3

Natutuhan mo sa Gawain 2 na ang tao ay may kakayahang mag-isip upang malaman ang katotohanan. Mayroon din siyang kakayahang magpasya at kumilos. Ngayon naman, kikilalanin mo ang mga paraan upang mapaunlad mo ang iyong pag-iisip at kalooban. Itala sa Hanay B ang mga gawain o pamamaraan na maaari mong gawin upang magamit mo nang makabuluhan ang iyong isip at kalooban. Gabay mo ang sagot sa unang bilang.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| **Pagsasanay ng Kaisipan o Intellect** | **Mga Paraan/Gawain sa Pagsasanay ng Kaisipan** |
| 1. Magkaroon ng layunin sa buhay | <u>Ako ay mag-aaral nang mabubuti.</u> |
| 2. Ibatay sa katotohanan ang mga gawain at batas ng kagandahang asal | ______________________________<br>______________________________ |
| 3. Humusga batay sa batas at alituntuning moral | ______________________________<br>______________________________ |
| 4. Suriin ang dahilan at epekto ng pasya o gawain | ______________________________<br>______________________________ |
| 5. Maging makatwiran sa paglutas ng suliranin | ______________________________<br>______________________________ |
| **Pagsasanay ng Kalooban o will** | **Mga Paraan/Gawain sa Pagsasanay ng Kalooban** |
| 1. Mahalin ang Diyos at kapwa | <u>Hindi ako manunumpa sa ngalan ng Diyos.</u> |
| 2. Piliin ang pinakamabuting kilos o gawain | ______________________________ |
| 3. Maging malaya sa pagpapasya | ______________________________ |
| 4. Pagdisiplina sa sarili at pagkontrol sa emosyon | ______________________________<br>______________________________ |
| 5. Pagsisikap, pagtitiis at pagtitiwala sa sarili, sa kapwa at sa Diyos | ______________________________<br>______________________________ |
| 6. Determinasyon at pagsasabuhay ng mga pagpapahalaga | ______________________________<br>______________________________ |

## Sagutin Mo

1. Bakit nararapat na hubugin o sanayin ang kaisipan at kalooban ng tao sa paggawa ng tama at mabuti?
2. Anu-ano ang maaaring maging hadlang upang mahirapan sa paghubog ng kaisipan at kalooban? Paano mo ito maiiwasan?
3. Anong prinsipyo o kaisipan ang maaari mong gamiting batayan upang lubos na mahubog at masanay ang iyong kaisipan at kalooban?

## IV. Ano Ang Iyong Natuklasan?

Tapusin ang mga pangungusap upang makabuo ng konsepto.

1. Mula sa mga gawain, natuklasan kong ang tao ay may isip o intellect na ________________________________________
2. Ang tao ay pinagkalooban ng kalooban o will upang ________________________________________
3. Ang kaisipan at kalooban ng tao ay masasanay kung ________________________________________

## V. Pagpapatibay

Ang tao ay mayroong dalawang kapasidad o kakayahang pang-ispiritwal. Ito ay ang isip o intellect at kalooban o will.

Ang tao ay may kakayahang mag-isip, magmuni-muni, bumuo, magbuod at humusga sa nakikita, nararamdaman, naaamoy at naririnig mula sa kanyang kapaligiran. Narito pa ang mga kakayahang maaaring gawin ng isip:

1. May kapasidad na mag-isip at umunawa
2. Makabuo ng konsepto at kaisipan upang bigyan ng paliwanag ang mga nangyayari sa kapaligiran
3. Makapagsusuri ng mga bagay-bagay upang malaman ang katotohanan
4. Makabuo ng hatol o pasya
5. Kumalap ng impormasyon upang makalutas ng suliranin

Ang kalooban o will ng tao ay mayroong kapasidad na kumilos o gumawa. Narito pa ang ibang kakayahan ng kalooban:

1. Tinaguriang “blind faculty” dahil ang will o kalooban ay umaasa sa kaisipan
2. Kapangyarihan ng tao upang pumili
3. Biyaya ng Diyos sa paggawa ng pasya

Ang mga kapasidad na ito ay makikita sa talahanayan sa ibaba:

**Mga Kapasidad na Pang-ispiritwal ng Tao**

| | Isip (Intellect) | Kalooban (Will) |
|---|---|---|
| Katungkulan o Gampanin | Mag-isip/Magsuri | Gumawa/Kumilos |
| Layunin | Makaalam/Matuto | Pumili/Magmahal |
| Tunguhin | Katotohanan | Kabutihan |
| Kaganapan ng Tao | Kaalaman/Karunungan | Virtue |

Batay sa *Education in Values What, Why and for Whom*
ni Esther J. Esteban, 1990

Mahalagang mahubog at masanay ang isip sa pagmumuni-muni at pagsusuri ng mga bagay-bagay batay sa katotohanan bago gumawa ng pasya. Ang kalayaan naman sa pagpapasya ng kalooban o will ay maisasagawa sa pagsasaalang-alang ng kabutihan ng sarili, kapwa, kalikasan at Diyos. Sa ganitong paraan ang tao ay magkakaroon ng kaganapan tungo sa karunungan at kabutihan.

## VI. Pagnilayan At Isabuhay Mo

Dalawang magkapatid na lalaki ang nagsasaka sa bukid na kanilang minana kaya hinahati nila ng parehas ang kanilang inaani. Ang isa ay mayroong asawa at anak habang ang isa ay binata at nag-iisa.

Isang araw, nag-isip ang binatang kapatid ng ganito: "Kawawa naman ang aking kapatid. Siya ay may asawa at anak samantalang ako ay nag-iisa kaya hindi dapat parehas ang aming hatian sa ani dahil hindi ko naman kailangan ang mga ito." Kaya sa kalagitnaan ng gabi ay binuhat niya ang isang sakong palay at dahan-dahang inilipat sa bodega ng kanyang kapatid.

Samantala, lingid sa kanyang kaalaman ay iniisip din ng kanyang kapatid na may asawa ang ganito: "Kawawa naman ang aking kapatid. Siya ay nag-iisa lamang samantalang ako ay mayroong asawa at anak na maaaring kumalinga sa akin. Hindi dapat parehas ang aming hatian sa ani dahil kawawa naman siya sa kanyang pagtanda". Kaya sa kalagitnaan ng gabi ay binuhat niya ang sakong may ani at inilipat sa bodega ng binatang kapatid.

Nagdaan ang ilang taon na ganito ang kanilang ginagawa kaya't sila ay nagtataka na tila hindi naman nababawasan ang kanilang imbak sa kani-kanilang bodega. Isang gabi habang inililipat nila ang sakong may ani sa magkabilang bodega, dahil sa kadiliman, sila ay nagkabungguan. Nahulog ang sakong kanilang dala at sila ay nagkakilanlan. Sila ay nagyakapan dahil sa kabutihan ng iniisip at ginagawa nilang magkapatid para sa isa't isa.

Cabato, Carmen, et.al. 1998. *Valuing My Spirituality.*
Quezon City: Vibal Publishing House


### Sagutin Mo

1. Ano ang mensahe ng kuwento?
2. Kung nag-iisip ka at kumikilos nang mabuti para sa iyong kapwa, siya rin ay nag-iisip at kumikilos nang mabuti para sa iyo. Naniniwala ka ba dito? Bakit?
3. Anong mga pagpapahalaga ang maaari mo pang makita sa kuwento na magagamit mo sa iyong buhay?

## VII. Gaano Ka Natuto?

A. Mula sa mga lobo, piliin ang titik na may katangian ng isip at katangian ng kalooban. Isulat ito sa angkop na bilang.

| Katangian o kakayahan ng isip o intellect | Katangian o kakayahan ng kalooban o will |
|---|---|
| 1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5. | 6.<br>7.<br>8. |



B. Punan ng wastong salita ang patlang upang mabuo ang konsepto:
Ang ____________ ay kapasidad ng tao upang mag-isip at ang __________ ang kakayahang kumilos at magpasya.

C. Basahing mabuti ang bawat pahayag. Pagkatapos, piliin mula sa pamimilian ang tamang sagot.

1. Kapag nagpapasya ang tao, dapat niyang gamitin ang kanyang
   a. bibig
   b. isip
   c. kalooban
   d. kalayaan

2. Ang determinasyon sa pagkilos ng tama at mabuti ay mula sa
   a. bibig
   b. isip
   c. kalooban
   d. kalayaan

3. Nagagawa ng tao na bumuo ng mga konsepto dahil siya ay may kakayahang
   a. magtanong
   b. mag-nilay nilay
   c. magbasa
   d. makaunawa

4. Mahalaga ang pag-iisip at pagbuo ng pasya. Subalit mas higit na magiging epektibo ang pasya kung ang tao ay mayroong________ na isagawa ito.
   a. kayamanan
   b. determinasyon
   c. talino
   d. kalayaan

5. Huwag maging padalus-dalos sa pagpapasya, ang ibig sabihin ay
   e. mag-isip muna bago magpasya
   f. kumilos muna bago magpasya
   g. huwag muna gumawa ng pasya
   h. humingi ng tulong sa iba

6. Isang kasabihan na ang ___________ ang magpapalaya sa tao.
   a. kabutihan
   b. katotohanan
   c. kasipagan
   katalinuhan

7. Ang pangunahing elemento sa pagpapasya ay
   a. kasipagan
   b. kayamanan
   c. kalayaan
   d. karunungan

8. Dahil sa isip, magagawa ng tao na tuklasin ang katotoahanan at magkaroon ng
    a. kayamanan
    b. karunungan
    c. kasipagan
    d. kaligayahan

9. Malaya ang tao na gumawa ng desisyon subalit kailangan din niyang
    e. umasa sa Diyos
    f. maging handa sa bunga ng pasyang ginawa
    g. magkamali muna
    h. magtanong sa iba

10. Tinawag na "blind faculty" ito dahil naaakit sa mabuti at umaasa sa impormasyon ng kaisipan
    a. intellect
    b. will
    c. conscience
    d. senses

## VIII. Mga Sanggunian


Esteban, Esther J. 1998. *Education in Values: What, Why and for Whom*, Manila: Sinagtala Publishers, Inc.ph. 57-65.

Punsalan, Twila G. 1999. *Buhay*. Manila: Philippine Normal University. ph. 26-27.

Rojas Felicita, et. al. 1998. *Valuing My Spirituality.* Quezon City: Vibal Publishing House, Inc. p. 306.


Susi sa Pagwawasto

Handa Ka Na Ba?

1. b
2. c
3. b
4. b
5. a
6. b
7. c
8. b
9. b
10. b

## VII. Gaano Ka Natuto?

A.
1. A
2. C
3. D
4. F
5. G
6. B
7. E
8. H

B.
9. kaisipan o intellect
10. kalooban o will

C.
1. b
2. c
3. b
4. b
5. a
6. b
7. c
8. b
9. b
10. b